File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG HULYO 14, 2017 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member - Leave |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member - **OB** |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**KAPASYAHAN BLG. 17 - 07 - 170**

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIDALAMHATI AT PANGUNGULILA NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NG NAMAYAPANG ELEODORO M. PAZ, JR.**

"**SAPAGKAT,** isang malungkot na balita ang natanggap ng mamamayan ng Bulalacao dahil noong hapon ng araw ng Huwebes, ika-13 ng Hulyo, 2017, si G. Eleodoro M. Paz, Jr. ay sumakabilang- buhay na sanhi ng malubhang sakit;

"**SAPAGKAT,** si Toto na siyang karaniwang tinatawag sa kanya ng kanyang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan ay isang mapagmahal na asawa at ulirang ama na nagsikap, nagtiyaga at nagtiis na magtrabaho sa ibang bansa ng mahabang panahon upang matustusan ang pangangailangan ng pamilya lalong- lalo na ang pag-aaral ng kanyang dalawang anak;

"**SAPAGKAT,** matapos ang mahabang panahong paninilbihan sa Bansang Dubai, si Toto ay bumalik sa bayang kanyang sinilangan at patuloy na naglilingkod sa mamamayang Bulalacao bilang Focal Person ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps simula noong Pebrero 4, 2014 hanggang taong 2015 at dahil sa ipinakitang malasakit sa kapwa lalo na sa mga taong may kapansanan, siya ay itinalaga bilang "Persons with Disability Coordinator" hanggang sa panahong siya ay binawian ng buhay;

"**SAPAGKAT**, noong Hulyo 31, 2015, ay ginanap ang 37$^{th}$ National Disability Prevention and Rehabilitation Week na kung saan si G. Eleodoro M. Paz, Jr. ay naparangalan at tumanggap ng Certificate of Recognition bilang Most Outstanding Person with Disability sa buong Lalawigan ng Oriental Mindoro;

"**SAPAGKAT**, bilang pagkilala at pagbibigay pugay sa karangalang tinamo ni G. Eleodoro M. Paz, Jr. at sa pagbibigay niya ng karangalan sa Bayan ng Bulalacao, ang Sangguniang Bayan ay nagpasa ng Resolution No. 15-08-102-A na may titulong "Resolution commending and recognizing Mr. Eleodoro M. Paz, Jr. for being awarded as most Outstanding Person with Disability (PWD) in the Province of Oriental Mindoro and in grateful recognition of his significant contributions to the general welfare of the community and for demonstrating exemplary character as an upright role model to the family and the society".

CamScanner

"**SAPAGKAT**, ang pagyao ni Toto ay nagdulot ng masidhing kalungkutan at pighati sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan ay malaking kawalan sa kanyang mga taong may kapansanan na kanyang pinaglilingkuran ng lubos, subalit kaligayahan na rin at tagumpay na isiping siya ay kupkup na ng mapagpalang kamay ng Poong May Kapal na Siyang may likha ng lahat, **KUNG KAYAT DAHIL DITO.....**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikidalamhati at pangungulila ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ng namayapang G. Eleodoro M. Paz, Jr.;

**SA MUNGKAHI** nina Konsehal Dexter R. Gonzales at Konsehala Teresita S. Bantugan, at pinangalawahan ng lahat , ang kapasyahang ito ay....

**PINAGTIBAY**": Hulyo 14, 2017, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------------------------x

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**EDWIN C. ACERON**
SB Member

**TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: July 14, 2017

170519/PLP/mm/bms

CamScanner